# Pangakong Sumunod kay Hesus

## A Lord's Flock Worship Service Topic

Ni: Fr.Alex Balatbat

Agosto 1, 2026




Mahal ka at ako ng Diyos, at sa pagmamahal na iyan, nakikita natin ang ating pangako.

*"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang Kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan"* (Juan 3:16)**.**

Kaya naman kitang-kita natin ang pangako ni Hesus sa atin. Pag-ibig ang nag-uudyok at nagpapasidhi na sumunod sa Kanya.

1. **Ano ang nagtutulak na magdesisyon na sumunod kay Hesus?**
   1.1. Sinabi ni San Pablo: "Ang buhay ko ay si Hesukristo. Ang layunin kong sundin Siya ang tanging layunin ng aking buhay" (Phil. 1:14-24). Ang buhay na iyan ay tungkol kay Hesus; ang alab na iyan ay nagmumula sa pag-ibig ni Hesus.
   1.2. Nasa atin ang pangako ni Hesus. Ang pag-ibig Niya ay hindi nakasalalay sa ating marupok na pangako. Nilikha Niya tayo upang sumamba at maglingkod.
   1.3. Ang kalayaan sa pagpili ay nangangahulugang gawin ang tama o mabuti. Walang kalayaan na pumili ng mali o buhay na walang pag-ibig. Kapag nawala ang pag-ibig, wala na rin "Ako/Tayo."
   1.4. Sa tuwing pumipili tayong magmahal, sinusundan natin si Hesus. Ang lahat ng laban sa pag-ibig ay pagtataksil kay Hesus at sa atin.

2. **Bakit natin kailangang sundin si Hesus?**
   2.1. Sumusunod tayo kay Hesus dahil iyon ang ating pagkatao. Nabubuhay tayo sa agos ng buhay na tinatawag na pag-ibig.
   2.2. Kung susundin natin ang Panginoon, susundin tayo ng mga tao. Ano ang buhay para kay Soar? Ang lahat ay tungkol kay Hesus. Gaano man siya ka-imperfect, nag-decide siyang baguhin ang takbo ng kanyang buhay upang sundin si Hesus. Ang tanging layunin ni Soar ay akayin ang lahat tungo sa Panginoon. Ang kanyang pangako ay nakaugat sa pangako ng Diyos.
   2.3. Ang alinmang pangako sa Panginoon ay pagpapakita ng Kanyang pangako sa atin. Tinutupad ng mga magulang ang kanilang pangako sa Diyos kapag ang mga anak ay sumusunod kay Hesus, pinag-uusapan si Hesus, at inihahayag ang buhay ni Hesus.
   2.4. Para sa sinumang taong nagmamahal, madali ang mag-alay ng buhay. Sa kabaliktaran, kapag walang pag-ibig, pati ang pagkuha ng isang basong tubig ay nagiging mabigat.
   2.5. Ihayag natin si Hesus sa halip na pag-usapan ang kadakilaan ng ating gawain. Kapag pinag-usapan natin ang ating sarili, nabigo si Hesus sa atin.

3. **Ano ang humahadlang sa atin sa pagsunod kay Hesus?**
   3.1. Kapag sinimulan nating isisi sa iba ang mga nangyayari sa ating buhay, tayo ay bigo. Kailangan nating bumalik kay Hesus upang magpanibago ng pangako.
   3.2. Sa ating community, ang ibang members ay nawawala kapag sila ay napapagod o nadidismaya sa mga imperfection ng iba. Gayunpaman, dapat nating tandaan na magkakasama tayo sa kabila ng ating pagkakaiba dahil sa Panginoon. Ang pag-ibig Niya sa atin ay parehong pag-ibig na mayroon Siya para sa iba na iba sa atin.

4. **Paano natin maipakita ang ating pangako na susunod kay Hesus? Dapat natin dinggin ang Kanyang Salita:**
   4.1. **Mahalin** ang ating mga kaaway. Ang taong tapat sa Panginoon ang makapagmamahal sa kanyang kaaway.
   4.2. **Magpatawad** 70x7 na beses.
   4.3. **Maging** inspiration na mahalin ang mga taong nanakit sa atin, o itinuturing na kaaway.

**Konklusyon:**

Ipinakita ni Hesus ang Kanyang dedikasyon hindi lamang sa pamamagitan ng Kanyang pampublikong buhay. Ipinakita Niya ito sa pamamagitan ng kanyang paghihirap at kamatayan. Kaya, magsikap tayong mamuhay nang may layunin. Mahalin at sundin ang Panginoon at mag-commit sa simbahan.

**Pagninilay:**

1. Ano ang hadlang sa buong puso mong paglalaan ng iyong pangako kay Hesus?
2. Alin sa mga utos ni Hesus ang pinakamahirap? mong sundin?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-Edit ni: Ma. Vera Tuplano
Tags: #Pangako, #Taga-sunod, #Pag-ibig
https://lordsflock.org/teachings/digests/
https://www.facebook.com/share/v/1GGFZxpwTB/